

Public Service Announcement

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa 2026 Halalang Munisipal

VAUGHAN, ON (Hulyo 21, 2026) – Malapit na ang 2026 Halalang Munisipal, at hinihikayat ka ng Lungsod ng Vaughan na maghanda sa pamamagitan ng pagkumpirma na ikaw ay nasa listahan ng mga botante at pag-aaral tungkol sa mahahalagang petsa, pagiging karapat-dapat bilang botante at kung paano lumahok sa proseso ng halalan.

Mapabilang sa listahan ng mga botante

Maaari mong tingnan, i-update, o idagdag ang iyong sarili sa listahan ng mga botante gamit ang online tool na Register to Vote hanggang **Miyerkules, Agosto 12** sa registertovoteon.ca.

Sino ang maaaring bumoto?

Upang makaboto sa halalang munisipal sa **Lunes, Oktubre 26** o sa mga maagang botohan, ikaw ay dapat na:

- isang mamamayan ng Canada
- hindi bababa sa 18 taong gulang
- isang residente ng Vaughan **O**
- isang may-ari ng ari-arian o nangungupahan sa Vaughan (o ang kanilang asawa)

Sino ang iboboto mo?

Ang halalang munisipal ay para sa mga posisyon ng Konseho ng Vaughan at katiwala ng lokal na lupon ng paaralan, kabilang ang:

- Mayor
- Konsehal ng Lokal at Rehiyonal (apat na ihahalal ng buong lungsod)
- Konsehal ng Ward 1 (Maple/Kleinburg)
- Konsehal ng Ward 2 (West Woodbridge)
- Konsehal ng Ward 3 (Woodbridge/Vellore)
- Konsehal ng Ward 4 (Concord/Thornhill North)
- Konsehal ng Ward 5 (Thornhill)
- Katiwala ng lupon ng paaralan mula sa isa sa mga sumusunod:
 - Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Region
 - Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Catholic
 - Conseil scolaire Viamonde
 - Conseil scolaire catholique MonAvenir

Ano ang mahahalagang petsa?

Public Service Announcement

- **Biyernes, Agosto 21, 2 p.m.** – Magsasara ang panahon ng nominasyon para sa kandidato
- **Biyernes, Oktubre 9 hanggang Linggo, Oktubre 18** – Pagboto nang maaga (online na pagboto)
- **Lunes, Oktubre 26** – Araw ng Pagboto

Saan ka maaaring matuto nang higit pa?

Hanapin ang lahat ng kailangan mong malaman tungkol sa 2026 Halalang Munisipal, kabilang ang pagiging karapat-dapat bilang botante, kung paano bumoto, mahahalagang petsa at nominasyon ng kandidato, sa vaughan.ca/elections.

Para sa mga update at balita sa oras na mangyari ang mga ito, mag-subscribe sa [Vaughan News](#) at i-follow ang mga opisyal na corporate channel sa [X](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [LinkedIn](#).

-30-

TUNGKOL SA VAUGHAN: Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

KONTAK NG MEDIA: Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca